

## Ano ang labis na dosis ng opioid?



Ang mga opioid ay nakapagdudulot ng masamang epekto na nagreresulta sa pagbagal na iyong paghinga o di kaya ay paghinto nito. Maaari itong mangyari kapag hindi kaya ng iyong katawan ang opioids na ininom para sa araw na iyon.

### PARA MAIWASAN ANG AKSIDENTENG LABIS NA DOSIS NG OPIOID:

- Subukang huwag ihalo ang opioids sa alkohol, benzodiazepines (Xanax, Ativan, Klonopin, Valium), o mga gamot na nakapagdudulot ng pagkaantok.
- Maging lalong maingat kung nagmintis sa paginom o nag-iba ng dosis, nagkasakit, o nagsimula ng bagong medikasyon.

## Ngayong mayroon ka nang naloxone...

Ipaalam sa isang tao kung nasaan ito at paano ito gamitin.

## Kasama sa mga pang-karaniwang opioids ang:

PANLAHATAN	PANGALAN NG TATAK
Hydrocodone	Vicodin, Lorcet, Lortab, Norco, Zohydro
Oxycodone	Percocet, OxyContin, Roxicodone, Percodan
Morpina	MSContin, Kadian, Embeda, Avinza
Kuodin	Tylenol na may Codeine, TyCo, Tylenol #3
Fentanyl	Duragesic, Actiq
Hydromorphone	Dilaudid
Oxymorphone	Opana
Meperidine	Demerol
Methadone	Dolophine, Methadose
Buprenorphine	Suboxone, Subutex, Zubsolv, Bunavail, Butrans

\* Ang heroin ay isa ring opioid.

Para sa kaalaman ng pasyente, mga bidyo, at karagdagang babasahin, maaaring bumisita sa [www.prescribtoprevent.org](http://www.prescribtoprevent.org)



## Kaligtasan sa paggamit ng Opioid at paano gamitin ang naloxone



ISANG GABAY PARA SA MGA PASYENTE AT SA MGA TAGAPAG-ALAGA

# Kung sakaling nagkaroon ng labis na dosis:

## 1 Suriin ang kakayahang tumugon

Bantayan ang alinman sa mga sumusunod:

- Hindi pagtugon kahit na kalugin mo sila o sabihin ang kanilang pangalan
- Paghinga nang mabagal o pagtigil nito
- Paggiging asul o abo ng mga labi at kuko
- Pamumutla ng balat o panlalamig at pagpapawis

## 2 Tumawag sa 911 at magbigay ng naloxone

Kung walang naging reaksyon sa loob ng tatlong minuto, magbigay ng ikalawang dosis ng naloxone

## 3 Magbigay ng rescue breathing at/o chest compressions

Sundan ang mga direksiyong ibinibigay ng despatsador ng 911


**>> SAMAHAN ANG PASYENTE HANGGANG SA DUMATING ANG SAKLOLO.**

# Paano magbigay ng naloxone:

Mayroong 4 na mga karaniwang produktong naloxone. Sundin ang mga tagubilin para sa uring mayroon ka.





## Nasal spray

Ang nasal spray na ito ay di na kailangang buuin at maaaring nang i-spray sa isang butas ng ilong sa pamamagitan ng pagpindot ng plunger.




## Nasal spray na may pagbuo

Ito ay kailangang buuin. Sundin ang mga direksiyon sa ibaba.




**4** Marahang ipihit ang kapsula ng naloxone sa katawan ng hiringgilya.



**6** Kung walang naging reaksyon sa loob ng tatlong minuto, magbigay ng pangalawang dosis.





## Auto-injector

Ang naloxone auto-injector ay di kailangang buuin at maaaring ma-inject sa labas na bahagi ng hita, kahit may damit. Mayroon itong speaker na nagbibigay ng hakbang-hakbang na mga direksiyon.



## Itinuturok na naloxone

Ito ay kailangang buuin. Sundin ang mga direksiyon sa ibaba.



**4** Kung walang naging reaksyon sa loob ng tatlong minuto, magbigay ang pangalawang dosis.